

**SUPPLEMENT TO PHILHEALTH CIRCULAR 34, S.2013 : GUIDELINES ON THE PROVISION OF SPECIAL PRIVILEGES TO THOSE AFFECTED BY A FORTUITOUS EVENT INCLUDING SPECIFIC PROVISIONS FOR THOSE AFFECTED BY TYPHOON YOLANDA.**

**- TAMANG SAGOT -**

---

- 1. Kung ako ay ginamot sa isang ospital pero hindi nagtagal o umabot ng isang araw (24 hours) ang ginawang gamutan, meron ba akong makukuhang benepisyo?**

Maaari po kayong magkaroon ng benepisyo kung sa pagsusuri ng Doktor sa PhilHealth sa mga dokumentong sinumite ay EMERGENCY ang inyong kaso o may ginawang “*Surgical procedure/ day surgery*” na hindi namang kinailangang ma admit.

- 2. Pwede ba akong mag “*direct file*” sa PhilHealth?**

Maaari pong mag “*direct file*” kung ang mga dokumento o PhilHealth Claims sa inyong pagamutan ay mga nasira ng “Fortuitous Event” pero nasa inyong kustodiya ang inyong sariling PhilHealth Claim.

- 3. Kung sirang sira ng isang sakuna ang mga pagamutan sa aming probinsya at kinakailangang dalhin ako sa pagamutan sa malayong lugar tulad ng Maynila, meron ba akong makukuhang benepisyo?**

Kung mayroong sertipikasyon mula sa PhilHealth Cares, PhilHealth’s Local Health Insurance (LHIO) Head, o isang otorisadong personnel ng PhilHealth ay maaari pong makakuha ng benepisyo kahit malayo sa pinangyarihan ng sakuna kayo ma *confine*.

- 4. Kung napaanak ang isang myembro na higit sa apat na ang anak, meron po bang PhilHealth benefit ito?**

Dahil po sa apektado ng “fortuitous event” ay maibibigay pa rin ang maternity care package sa mga inang mahigit pa sa apat ang mga naging anak.

- 5. Kung mataas ang presyon ng isang nagdadalantao dahil sa Pre-Eclampsia, makakakuha ba ito ng benepisyong maternity care package?**

Ang benepisyong maternity care package ay para lamang po sa mga nagdadalantao na walang komplikasyon lalu na kung mayroong sakuna o “fortuitous event.”